

Tablay at Banua ng mga Kabataang Tagbanua Calamianen sa Hilagang Palawan: Mga Tablay ng Banua, mga Pagbabanua ng Tablay¹

Eulalio R. Guieb III

Ang pag-aaral na ito ay tungkol sa panitikang pabigkas ng mga kabataang Tagbanua Calamianen sa Taytay, Palawan. Tinatawag nila itong tablay. Kinikilala ito ng pag-aaral bilang isang kontemporaneong anyo ng komunikasyon na tumatalakay sa mga nakaraan at makabagong penomenong kinakaharap nila bilang isang grupo. Umiigting ang kabuluhan ng tablay sa gitna ng mga diskursong pangkaunlaran na lumalabas sa media at sa mga patakaran at proyekto ng gobyerno at mga pribadong kompanyang may interes sa katubigang ginagamit ng mga Tagbanua Calamianen.

Ang tablay ay isa ring gawaing panlipunan, na ang ibig sabihin ay paglalakbay sa mga lugar o banua na saklaw ng kanilang pamumuhay. Tumatayo itong testamento sa paggigiit ng kanilang karapatan sa karagatan na inaagaw o inaangkin ng gobyerno at mga pribadong kompanya.

Keywords: tablay, banua, Tagbanua Calamianen, Taytay, Palawan, dagat ninuno

Introduksyon

Minsan, wala sa bagong media (e.g., Internet at iba pang mediang elektroniko) o maging sa mediang kombensiyonal (e.g., radyo, telebisyon, dyaryo, komiks) ang mahahalagang tinig ng pakikibaka ng ating bayan. Madalas, nasa mga kinaliligtaan at inakalang luma ang higit na makabuluhang lagusan at daluyan ng mga kontemporaneong bisyon para sa mga substansyal na pagbabagong panlipunan. Kung ang mga anyo ng tinatawag na kombensiyonal at bagong media ay nabubuhay sa indoktrinasyon ng estado at kapital, nananatiling buhay at nakikipagtunggali ang mga iwinawaglit na anyo ng pakikipagtalastasan ng mga katutubong Filipinong nabubuhay sa mga kontradiksyon ng kontemporaneong pamumuhay. Ito ang aking isinusulong sa pag-aaral na ito.

Isa ang *tablay* sa mga katutubong diskurso ng pagbibigay-kahulugan sa mundo. Dalawang uri ang diskursong ito. Una, ang tablay ay maaaring taguriang isang “lumang” anyo ng komunikasyon. Ang tablay ay isang maikling awit. Kadalasan ay may apat lamang itong linya. Inaawit ito ng mga babae at lalaking

Tagbanua Calamianen, kapwa bata at matanda, habang sila ay nagpapahinga. Pag-ibig ang isa sa mga karaniwang paksa ng tablay. Laman rin ng tablay ang kanilang mga karanasan sa pangingisda o pagtatrabaho sa kaingin. Sa marami ring pagkakataon, inilalarawan ng tablay ang kapaligirang kinabubuhayan ng mga katutubo. Ayon kay Maceda (1975), minsan ay mapangutya ang tablay; naglalaman ito ng mga di-halatang pagbatikos sa kapwa.


Ikalawa, na siyang higit na tuon ng pag-aaral na ito, ang tablay, ayon sa mga gurong nagsagawa ng dokumentasyon nito sa *Historical Data Papers-Palawan* (HDPP, 1953), ay ang katutubong katawagan ng mga Tagbanua Calamianen para sa pagtawid sa bundok, burol, o dagat. Kung gayon, ang tablay ay paglalakbay. Samakatuwid, ang tabaly, bukod sa isang pangngalan para sa isang anyo ng kanilang panitikang oral na isang daluyan ng komunikasyon, ay isang pandiwa para sa kanilang mga paglalakbay.

Sinisipat ng pag-aaral ang tablay bilang kombinasyon ng mga sumusunod: isang halimbawa ng panitikang oral ng Pilipinas, isang anyo ng komunikasyon ng mga katutubo na daluyan ng kanilang mga obserbasyon at panunuri sa mga kaganapang nangyayari sa kanilang kapaligiran, at isang pagbibiyahe ng mga katutubo sa mga lugar na saklaw ng kanilang buhay at kabuhayan, partikular ang pangingisda. Sa interaksyon at interseksyon ng mga bagay na ito ay tinatakdan ng mga katutubo ang kanilang *banua* (lugar o pamayanan). Subalit ang banuang ito ay nilolooban ng iba't ibang network ng kapital, na inaayunan ng mga patakaran ng gobyerno.

Ipapakita ng sanaysay kung paanong ang tablay ay salamin ng pagbabanggaang ito ng iba't ibang puwersang panlipunan, kabilang ang tunggalian ng katutubong komunikasyon ng mga Tagbanua Calamianen at “modernong” media ng pamahalaan at kapital, tulad ng Internet, dyaryo, magazine, at iba pa. Ililinaw ng pag-aaral kung paanong ang tablay, bilang panitikan, dokumentong historikal, at kontemporaneong anyo ng komunikasyon, ay kasangkapan rin ng mga Tagbanua Calamianen sa paggigiit nila sa kanilang sariling banua na kanilang isinasagawa sa tablay bilang biyahe.

Nakatuon ang pag-aaral sa mga tablay ng mga kabataan ng Tagbanua Calamianen ng bayan ng Taytay sa Hilagang Palawan (Ilustrasyon 1). Isinagawa noong Agosto 1997 ang field work sa Sitio Pagdurianen, na sakop pa rin ng Poblacion ng Taytay (Ilustrasyon 2), subalit ang buong pag-aaral tungkol sa panitikang oral ng mga komunidad kostal sa Taytay ay isinagawa mula Hunyo hanggang Disyembre 1997 at mula Nobyembre hanggang Disyembre 1998.

Sa Sitio Pagdurianen pansamantalang nakatira noon ang mga Tagbanua Calamianen na inilalarawan sa pag-aaral na ito. May sampung bahay na nakatirik



Ilustrasyon 1. Ang bayan ng Taytay at mga karatig-bayan sa mainland ng Hilagang Palawan
 Pinaghalawan: Municipal Index Map, Provincial Assessor's Office, Puerto Princesa, Palawan
 Legend: mga hangganang municipal


sa lugar, maliliit na bahay, gawa sa dahon ng niyog, sawali at mangilan-ngilang kawayan at yantok (Ilustrasyon 3 at 4).

Wala silang permanenteng tirahan. Palipat-lipat sila ng tinitirhan, depende sa galaw ng hangin at lagay ng panahon. Nililibot nila ang mga isla, aplaya, at tangdol² ng Taytay Bay (Ilustrasyon 5). Dahil lagi silang nasa dagat at mas nakaayon sa pangingsda ang kanilang mga gawain, ang tawag sa kanila minsan ay Tagbanuang Dagat.

Lahat ng Tagbanua Calamianen na nakausap ko sa Pagdurianen ay hindi sigurado sa mga edad na binabanggit nila sa akin. Tinantsa lang nila iyon para sa akin. Sa tuwing tatanungin ko sila sa bagay na ito ay natatahimik sila, magtatanungan sa isa't isa at kadalasan ay may isa o dalawang matanda ang magkokompyut ng kanilang edad. Hindi ko alam kung anong panukatan ang ginagamit nila sa pagbatid sa kanilang edad.³

Ang unang bahagi ng sanaysay ay nakatuon sa espasyong heograpiikal na iniinugan ng mga Tagbanua Calamianen ng Taytay. Sa ikalawang bahagi ay tatalakayin nang mas malalim ang tablay bilang isang panitikang oral, anyo

ng komunikasyon, at gawaing panlipunan ng mga Tagbanua Calamianen. Ang ikatlong bahagi ay nakatuon sa politika ng paggamit sa Taytay Bay bilang lunsaran ng mga proyekto ng gobyerno’t kapital, at kung paanong ang tablay – sa anyo ng biyahe – ang nagsisilbing textong kultural ng paggigiit ng mga katutubo sa kanilang banua.



Ilustrasyon 2. Mga barangay ng Taytay, Hilagang Palawan
Note: Sakop ng Poblacion ang Sitio Pagdurianen, pansamantalang tirahan ng mga Tagbanua Calamianen.
Pinaghalawan: Municipal Index Map, Provincial Assessor’s Office, Puerto Princesa, Palawan

Legend: mga hangganang pambarangay

- | | | | |
|-------------|-------------|----------------------|--------------|
| 01Poblacion | 09Biton | 17Liminangcong | 25Pancol |
| 02Abongan | 10Busy Bees | 18Mayteguid | 26Polariquen |
| 03Alacalian | 11Calawag | 19Minapla | 27Sandoval |
| 04Bambanan | 12Casian | 20New Guinlo (Baong) | 28San Jose |
| 05Bantulan | 13Cataban | 21Old Guinlo | 29Silanga |
| 06Baras | 14Debangan | 22Paglaum | 30Talog |
| 07Batas | 15Dipla | 23Paly | 31Tumbod |
| 08Bato | 16Libertad | 24Pamantolon | |

Espasyong Heograpikal ng Taytay: Salimbayan ng Pook at Etnisidad

Tulad ng lahat ng pook, ang komunidad kostal ng Taytay ay isang morpolohiyang politikal na walang lubay na hinuhubog ng iba't ibang puwersang nagtutunggali sa pagsasaayos ng kabuuang anyo at disenyo ng lipunan. Ito ay lunan kung saan ay nagbabagu-bago ang hugis, anyo, at antas ng tunggalian ng pananalamin ng kapangyarihan. Sa loob ng arena ng tunggaliang ito ay ang sabayan ring paglikha



Ilustrasyon 3.
Ang pansamantalang tirahan ng mga Tagbanua Calamianen sa Sitio Pagdurianen, Poblacion, Taytay, Hilagang Palawan

Kuha ni E. R. Guieb III, 1 Agosto 1997, Palawan Photo File No. F5-14



Ilustrasyon 4.
Bahay ng Tagbanua Calamianen sa Sitio Pagdurianen, Taytay, Hilagang Palawan

Kuha ni E. R. Guieb III, 1 Agosto 1997, Palawan Photo File No. F5-06

ng mga Tagbanua Calamianen ng iba't ibang texto at daluyan ng artikulasyon ng kanilang etnisidad.

Ito ang inihaharap ng pag-aaral na ito: kompleks ang inog ng pagbubuo ng pook at etnisidad ng mga Tagbanua Calamianen. Ang mga textong kanilang nililikha ay pagdadalumat sa mga proseso ng mga bagay na ito, at nakaugnay sa masaklaw na politika ng kapangyarihang lumilikha ng mga polarisasyon at hirarkiya ng mga paghahati't pagsasanib, ng mga pagbubuwag at pagtatayo. Sa pingkian ng mga idea, ang kanilang mga tablay ang isa sa marami nilang kasangkapang ideolohikal tungo sa materialisasyon ng kanilang mga imahinasyong heograpikal na mahigpit na tumutugon sa mga pangangailangang historikal ng kanilang mga buhay.

Ekolohiya ng Katubigan ng Taytay Bay

Ang bayan ng Taytay ay matatagpuan sa Hilagang Palawan (Ilustrasyon 1). Nang isagawa ang fieldwork ay binubuo ito ng 31 barangay (Ilustrasyon 2) na pawang mga pamayanan ng mga mangingisdang munisipal (Jacinto, 1995b). Ang dalawang pangunahing katubigan ng Taytay ay ang Malampaya Sound sa kanluran at ang Taytay Bay sa silangan. Mayroon din itong nag-iisang lawa, ang Lawa ng Danao o Manguao, na sinasabing saganang pinamumugaran noon ng mga buwaya (Davies et al., 1990).

Sa kasalukuyan ay maituturing pang mayaman ang Taytay Bay. Nang isagawa ang pag-aaral noong 1997 ay malawak ang bakawan (mangroves) na nakapaligid sa pampang ng look, at nakakalat rin sa katubigang ito ang malalawak na *seagrass beds* at *reef flats*, na maituturing na nasa maayos pang kalagayan (Batungbacal et al. 1995). Ang pinakamalalim na bahagi ng Taytay Bay ay umaabot sa 50 metro bagamat ang pangkaraniwang lalim ng dagat ay nasa pagitan ng 20 at 30 metro (Curran 1997).

Maraming isla ang matatagpuan sa loob ng Taytay Bay. Napapaligiran rin ang Taytay Bay ng iba pang katubigan; ang ilan sa mga katubigang ito ay sakop pa rin ng bayan ng Taytay, samantalang ang iba ay bahagi na ng mga karatig-bayan ng El Nido at Linapacan (Ilustrasyon 5 at Table 1). Ito ang mga katubigang pinangingisdaan ng mga Tagbanua Calamianen, at sa mga isla at pampang ng mga lugar na ito sila pansamantalang naninirahan sa buong siklo ng kanilang pangangisda.

Ang mga mangingisdang munisipal sa Taytay Bay ay gumagamit ng maliliit na bangkang de-motor. Mayroon pa ring ilang gumagamit ng de-sagwan o de-layag lamang. Gumagamit sila ng maraming paraan ng pangangisda: iba't ibang uri ng lambat (palubog [*set gill net*], paanod [*drift net*], at pambahura), kawil (*hook and line*), kitang (*long line*), horos-horos (isang uri ng *hook and*



Ilustrasyon 5. Mga pansamantalang pamayanan (antas sitio) ng iba't ibang barangay at lugar-pangisdaan sa Hilagang Palawan ng sampung kabahayan ng mga Tagbanua Calamianen ng Sitio Pagdurianen.

Legend: mga hangganang municipal —————

- | | | | |
|----------|----------|--------------|--------------|
| 1Bacalan | 4Caycayo | 7Indapdapan | 10Pangatalan |
| 2Baras | 5Dipla | 8Pagdurianen | |
| 3Batas | 6Dumaran | 9Pangalan | |

line), ganti-ganti (*jigger* o panghuli ng pusit), pana (*spear gun*), bubo, at baklad. Makikita rin sa Taytay Bay ang mga basnig at baring ng mga mangangisdang komersyal (Batungbakal et al., 1995; Rivera et al., 1997). Laganap rin ang paggamit ng mga ilegal na pamamaraan tulad ng bumbong (*blast fishing*) at *sodium cyanide* (Batungbakal et al., 1995; Curran, 1997; Rivera et al., 1997).

Matatayang may 70 hanggang 80 ang uri ng isdang nahuhuli sa Taytay Bay (Curran, 1997). Hindi pa kabilang rito ang iba pang uri ng lamang-dagat na nabubuhay sa look tulad ng lató (*seaweeds*), balatan (*sea cucumber*), manlut (*giant clams*), dugong (*sea cow*), pawikan, *horseshoe crab*, at *mother of pearls*.

Malaki at mahalaga ang papel na ginagampanan ng katubigan ng Taytay sa pangangailangan ng bansa sa mga produktong dagat. Otsenta porsiyento ng produksyong pampangisdaan ng Palawan ay kontribusyon ng Taytay (Municipal Development Council-Municipal Planning and Development [MDC-MPD], n.d.) na pawang buhat sa Taytay Bay at Malampaya Sound. Tinutugunan naman ng buong Palawan ang humigit-kumulang sa 65% ng pangangailangan ng Metro

Table 1. Mga isla at katubigan sa loob at paligid ng Taytay Bay.

DESKRIPSYON	ISLA AT KATUBIGAN
Mga isla sa loob ng Taytay Bay ^{a,b,c}	Icadambanua, Calabadian, Pabellones (ang magkakambal na islang bato ng Elephant Island at Castle Island; ang ikalawa ay tinatawag ring Baradesen), Ditnot, Apulit (minsan ay Apulid), Binatican, Guindabdaban, Quibuluan (sa iba ay Quimbuluan), at Talacanen
Iba pang katubigang sakop ng Taytay ^{a,b}	Shark Fin Bay, Silanga Bay, Imorigue Bay, Maytiguid Bay
Mga islang nasa loob ng Shark Fin Bay ^a	Maytiguid, Batas, Macuao, at Malapari
Mga islang nasa loob ng Silanga Bay ^a	Silanga, Quimbaludan, at Nabat
Mga islang nasa loob ng Imorigue Bay ^a	Batas, Imorigue, Talaotauan, at Binulbulan
Mga islang nasa loob ng Maytiguid Bay ^b	Dadaliten, Debangan, Casian, Manbanen, Denet, Makraben, Bodacan, Malutamban, Cagdanao, Binga, Calabugdong, Malcorot, Bulucan Malaki, Bulucan Maliit, at Pangisian
Mga katubigang nakapaligid sa Taytay Bay na sakop na ng ibang bayan ^a	Sulu Sea, Sibaltan Bay, Muñoz Bay, Darocotan Bay, Emilia Bay, at Linapacan Strait

Pinaghalawan

^a *Administrative Map, Province of Palawan*, Edition 1, October 1992, National Mapping and Resource Information Authority (NAMRIA), Manila.

^b *Nautical Map Sheet 4317, Northeast Coast of Palawan: Shark Fin Bay to Flechas Point*, revised edition, 14 July 1980, NAMRIA, Manila.

^c *Topographical Map Sheet 2952-IV, Calabadian Island*, walang petsa ng pagkakalathala, NAMRIA, Manila.

Manila sa konsumpsyon nito sa isda at iba pang lamang-dagat (Camacho, 1996; Japan International Cooperation Agency & the Department of Tourism [JICA-DOT], 1996).

Subalit tulad ng mga likas-yaman ng Pilipinas, ayon sa maraming lumabas na mga pag-aaral, ay unti-unti na ring nakararanas ng papalalang kalagayan ang mga ekosistemang ito. Ang papalalang kondisyong ito ay bunga ng kombinasyon ng mga sumusunod: kahirapan ng mga mamamayan; kawalan ng karapatan ng mga maliliit na mamamayan tulad ng mga mangingisda at katutubo sa mga sarili nilang lugar-pangisdaan; kompetisyong idinudulot ng mga mangingisdang komersyal sa mga mangingisdang munisipal; di-pantay na kalakarang pampamilyan sa lugar; mga pagpapalit-gamit sa katubigan at mga kanugnog na ekosistema; at paggamit ng mga ipinagbabawal na pamamaraan ng pangangisda na nagdudulot ng mga kaugnay na pagbabago sa bio-diversidad at komposisyong bio-kemikal sa mga ekosistemang ito. Malaki rin ang papel na ginagampanan ng mga istrukturang politikal at mga patakarang ekonomiko sa degradasyon ng iba't ibang ekosistema sa Taytay (Addun, 1995a, 1995b; Batungbakal et al., 1995; Curran, 1997; Dela Cruz et al., 1995; Guieb & Jarabejo, 1998; Jacinto, 1995b; Muzones, 1995; Rivera, 1995; Umengan, 1995; Zingerli, 1999).

Katangiang Demograpiko ng Taytay

Nang isinasagawa ang pananaliksik ay pangalawa ang Taytay sa may pinakamalaking populasyon sa Palawan. Pangalawa rin ang munisipyo sa may pinakamataas na antas ng *migration*. Karamihan ng mga mamamayan ng Taytay ay galing sa Negros, Southern Tagalog, Central Luzon, Masbate, Panay, Samar, Leyte, Antique, Cebu, Bicol, Ilocos, at Tawi-Tawi (Addun, 1995b; Jacinto, 1995a; JICA-DOT, 1996; National Statistics Office [NSO], 1995).

Kabilang ang mga Tagbanua sa pitong pangunahing grupong katutubo o *indigenous cultural communities* sa Palawan (Fox, 1982; Ocampo, 1985; Peralta, 1991). Marami pang grupo ng mga katutubo ang naninirahan sa Palawan, tulad ng mga Pal'awan, Batak, Molbog, Cuyonen, Sama, at iba pa (Peralta, 1991).

Hinati ni Peralta (1991) sa apat na kategorya ang mga Tagbanua: 1) ang mga Tagbanua Aborlan o Apurahuano na karamihan ay mga magsasaka at nakakalat sa gitna at katimugang Palawan; 2) ang mga Calamianen na kalakhan ay umaasa sa karagatan para sa kanilang kabuhayan, at matatagpuan sa bahaging Calamianes ng Palawan; 3) ang mga Tandula'nen; at 4) Silana'nen na kapwa naninirahan sa mga baybaying dagat, at kapwa umaasa sa dagat at bundok para sa kanilang kabuhayan.

Ang mga Tagbanuang matatagpuan sa Taytay ay ang mga Tandula’nen, Calamianen, at Silana’nen. Bagamat ang mga Tandula’nen ay may *reservation site* sa Sitio Yacal ng Barangay Baong (New Guinlo), marami sa kanila ay nakakalat sa iba’t ibang bahagi ng kanlurang bahagi ng Taytay, partikular sa paligid ng Malampaya Sound. Ang mga Calamianen naman ng Taytay ay may *settlement site* sa Barangay Baras. Subalit ang marami sa kanila ay matatagpuan sa iba’t ibang lugar sa paligid ng Taytay Bay at sa mga kanugnog na isla’t katubigan. Nasa Taytay Bay rin ang mga Silana’nen, bagamat pinaniniwalaang kaunti na lamang ang kanilang bilang.

Ang klasipikasyon ni Peralta (1991) ay umaayon sa sistema ng kategorisasyon ng mga nakausap kong mga settler sa Taytay: *Tagbanuang Lupa*, mga Tagbanuang kalakhan ng pagtatrabaho ay sa lupa (bukid at bundok); *Tagbanuang Dagat*, mga Tagbanuang maninisid at mangingisda na palibot-libot sa mga isla at baybay; at *Tagbanuang Pampang*, mga Tagbanuang mangingisda at magbubukid na nakatira sa mga pampang.⁴ Ang mga Tagbanua Calamianen sa pag-aaral na ito ay puwedeng ikategorya bilang Tagbanuang Dagat.

Dahil sa ganitong katangiang demograpiko ng Taytay, marami rin ang wikang ginagamit sa lugar. Ang tumatayong *lingua franca* sa Taytay ay Cuyonen at Tagalog. Marami ring nagsasalita ng Sugbuano (Cebuano), Boholano, at Hiligaynon.

Susuriin ng kasalukuyang pag-aaral ang tablay bilang panitikang oral at anyo ng komunikasyon at tablay bilang biyahe sa ganitong kontekto ng sitwasyong ekolohikal, kondisyong pampangisdaan, heograpiya at demograpiya. Nakatuon ang pag-aaral sa sampung kabahayan ng mga Tagbanua Calamianen na aking nakasalumuha noong 1997 sa Sitio Pagdurianen ng Taytay, Hilagang Palawan.

Mga Tablay: Diskursibong Paglikha ng Damdamin, Pook, at mga Damdamin para sa Pook⁵

Pag-ibig ang isa sa mga pangunahing paksa ng tablay ng mga Tagbanua Calamianen.

Tablay 1 (inawit sa wikang Cuyonen at may yuke⁶ ni Rene Corba, mga edad 14):⁷

Cabay maraye dian emong guinestaran	Kahit malayo diyan iyong ti- rahan
di ko malipatan, maal, emong aran	Di ko malilimutan, mahal, ang maganda mong ngalan

malipatan ko pa aqueng
tratong tanan

bequen lamang icao palan-
ga sa tanan.

Malilimutan ko pa ang aking
kasintahan

Dahil ikaw lamang ang mahal
ko sa lahat.

Tablay 2 (inawit sa Tagalog at may yuke ni Rene Corba, mga edad 14):

Ibong lumilipad hintayin mo ako
meron ako sanang ipapadala sa iyo
kung tatanungin ka kanino ba ito
pakisabi na lang pinadala sa iyo.

May mga tablay ng pag-ibig na pumapaksa sa paghihiwalay at pagkawalay bunga ng uri ng buhay na kanilang iniinungan, lalo na sa tuwing umaalis ang mga lalaki para sa kanilang pangingisda.

Tablay 3 (inawit sa Tagalog at may yuke ni Jopel Languyod, mga edad 23):

Ang awit kong ito, paalala
na bukas ng umaga ako'y paalis na
ang aking ialis huwag mong ikalungkot
sa ganitong oras babalik din ako.

Subalit may mga tablay ng pag-ibig na mahihiwatigan ng paghihinakit sa iniibig o pagbatikos sa uri ng ipinagkakaloob na pagmamahal, na tumuturo sa panlilinlang sa karelasyon.

Tablay 4 (inawit sa Tagbanua Calamianen at may yuke ni Jopel Languyod, mga edad 23):

Ang kaisip pong pisan ang
calaam o ide
yo elem ang sambelog edeng
haguegman mo
pala ay masapo eg madem-
deman no
yawa pala nini yo ay may
karaebal.

Ang akala ko'y ako lang ang
mahal mo
ako lang mag-isa, sinta, ang
mahal mo
subalit ngayong maaalala ko
ikaw pala, mahal, ay may
ibang mahal.

Tablay 5 (inawit sa Cuyonen at may yuke ni Jopel Languyod, mga edad 23):

Impesa sa dadi asta ca inoro	Mula ngayon hanggang kailanman
india co ron liag ang paeg laver	ayoko nang makipaglaver ⁸
cong laver da lamang ang bequen tapatan	kung pagmamahal din lang na hindi tapatan
caelo ra si nining nga mag consimision.	kawawa rin si Neneng na mamomroblema.

Tablay 6 (inawit sa Cuyonen at may yuke ni Jopel Languyod, mga edad 23):

Ang aqueng caisipang aqueng calaon	Ang aking isip, ang aking akala
amang pag recibe canaquen dayon don	tunay ang pagtanggap mo sa akin
ara ra sa dila ara ra sa bibig	wala sa dila, wala sa bibig
cong may taguiposon ara ra capinta.	kung may puso ka di naman nakatanim.

Madarama rin sa mga tablay ang kanilang hiras, pagod, at galak sa pangangisda.

Tablay 7 (inawit sa Tagbanua Calamianen at may yuke ni Jopel Languyod, mga edad 23):

Mapilay-pilay besiong beltay beltay	Nakakapagod trabahong sagwan-sagwan
pag sagyap sagyap iyan anday anday	naghahanap ng isdang anday-anday
ang anday anday tabyang tong calesed	anday-anday katulong sa kahirapan
tabyang calesed tong pama-lay palay.	katulong sa kahirapan at sa kabuhayan.

Tablay 8 (inawit sa Tagalog at may yuke ni Jopel Languyod, mga edad 23):

Anong hira ang mangisda
maghapon kaming basing-basa
kapag kami'y makakuha
tuwang-tuwa ang mga bata.

Pansinin namang sa susunod na tablay (na mas mahaba kaysa pangkaraniwan nitong haba) ay may paghahalintulad sa mga uri ng isda, na posibleng may pagpapakahulugan sa pag-uuri ng buhay.

Tablay 9 (inawit sa Cuyonen at may yuke ni Jopel Languyod, mga edad 23):

Macon cono ang isdang
palata:
"aco masque mabao eg
malansa
cong guisaen indo sa man-
tika
sabor de sa endong guina-
wa."

Magsabat ang isdang mor-
mor:
"aco misyado ron da capol-
pol
como ako ara caseled y iskul

pero cacaelam da ang bas-
ketbol."

Magsabat ang isdang
tamayo:
"aco indong buwatan mani-
gano
manig leb manig bayo
manig degos ang indang
olo."

Sabi ng isdang palata:

"kahit ako'y mabaho at
malansa
kung gigisahin ninyo sa
mantika
masarap na rin sa inyong
panlasa."

Sumagot ang isdang mor-
mor:
"ako ay masyadong mabaho

ako'y di nakapasok ng paar-
alan
ngunit ako'y marunong ding
magbasketbol."

Sumagot ang isdang
tamayo:
"ako ang gawin ninyong
hilot
nagbabayo, nagbabayo
nagpapaligo ng inyong ulo."

Magsabat ang isdang ta-
bangka:
“acoy indong buaten cabisa
pero aco mababael baba
adlec ang tanan nga isda.”

Magsabat ang isdang silay:
“aco pong magpanao ago-
daday
cong camo caque obra
mabobolong da indong
pilay.”

Sumagot ang isdang ta-
bangka:
“ako ang inyong gawing
kabesa
ngunit malaki ang bunganga
ko
takot ang lahat ng isda.”

Sumagot ang isdang silay:
“kung maglakad ako’y
pakendeng-kendeng
kung kayo’y makasumpong
ng trabaho
magagamot ang inyong
pagod.”

May mga tablay na humahalaw ng mga imahe buhat sa kanilang kapaligiran.
Minsan ay inihahambing ang mga elemento ng kapaligiran sa sariling katawan.

Tablay 10 (inawit sa Tagalog ni Jelyn Languyod, mga edad 10; saliw sa yuke ni Jopel Languyod):

Bituin sa langit ika’y nagbitin-bitin
hulugan mo kami ng tatlong bituin
isa sa akin at isa sa iyo
ang pangatlo naman sa mahal kong darling.

Tablay 11 (inawit sa Cuyonen at may yuke ni Rene Corba, mga edad 14):

Ang puno ng saging, ma-
man din ang bolpen
aanang mga daon, maman
din ang papel
ang anang nga bonga, ma-
man ang paqueguma
ang anang puso, maman
taguipuson.

Ang puno ng saging, iyon
ang bolpen
ang kaniyang dahon, iyon
ang papel
ang kaniyang bunga, iyon
ang pag-ibig
ang kaniyang puso, iyon din
ang puso.

Ang mga tablay sa itaas ay mga deskripsyon sa kanilang kapaligiran o pakikipagkapwa, o pagbibigay-damdamin sa kapaligiran at pakikipagkapwa. Ang tablay ang tumatayong lagusan (o media) o sisidlan ng kanilang mga obserbasyon at saloobin, lalo sa isang kondisyong ito lamang ang tanging daluyan o imbakan ng mga kaganapan sa kanilang buhay. Ang tablay, bilang teknolohiya ng oralidad, ay tumatayong kontemporaneong media ng kanilang pakikipagtalastan. Ito ang kanilang teknolohiya ng pagdalumat sa buhay at pagpapakahulugan sa daigdig. Maglalahad ako ng iba pang halimbawa ng tablay na may direktang kaugnayan sa kanilang pakikibaka sa buhay sa mga seksyon ng pag-aaral na nakatuon para sa usaping ito.

Maitatanong ngayon kung ano ang ugnay ng ganitong anyo ng panitikan at media sa pagbibigay-hubog sa kanilang banua (o komunidad). Ito ang siyang aking sisipatin sa susunod na bahagi ng pag-aaral.

Paglaot at Paglalakbay: Ang Tablay ng Banua⁹

Sa bahaging ito ay susuriin ko ang tablay bilang isang gawaing panlipunan, partikular bilang biyahe. Sisiyasatin ng pag-aaral ang kinapapalooban nitong kontextong ekonomiko at kultural nang sa gayon ay mailinaw na ang tablay, bukod sa isang anyo ng literaturang oral at isang lagusan o media ng pakikipagtalastan sa kapwa at daigdig, ay, higit sa lahat, tungkol sa kanilang paglaot at pagbibiyahe. Isusulong ng pag-aaral na ang kanilang paglipat-lipat sa iba't ibang tangdol, isla o aplaya ng Taytay at mga karatig na bayan, bagamat udyok ng pangangisda, ay isang pagmamapa ng kanilang lugar na tinatawag nilang banua.

Sisimulan ko ang bahaging ito sa deskripsyon ng pag-ikot ng mga Tagbanua Calaminan sa loob at paligid ng Taytay Bay. Pagkatapos ay ilalatag sa pag-aaral ang iba pang kahulugan ng tablay. Tatapusin ang bahaging ito ng pag-aaral sa pagkakawing ng tablay bilang textong kultural sa tablay bilang biyahe at pagbibigay ng hangganan sa kanilang banua.

Mga Iniikutan at Iniinugang Mundo ng mga Tagbanua Calamianen

Ang sampung kabahayan ng mga Tagbanua Calamianen sa tangdol ng Pagdurianen ng Taytay ay palipat-lipat ng kanilang mga pinangingisdaang lugar. Palipat-lipat rin sila ng lugar na kanilang pansamantalang tinitirhan (Ilustrasyon 5). Kasama nila ang kanilang mga pamilya sa mga pansamantalang paninirahang ito sa iba't ibang lugar na kanilang napupuntahan. Minsan ay inaabot sila ng isang buwan sa isang lugar. Minsan naman ay ilang linggo lamang. Ang Pagdurianen ay isa sa mga lugar na kanilang pinupuntahan sa tuwing nililibot nila ang kabuuan ng Taytay Bay at mga karatig-dagat.

Ang mga pagbabagong ito sa kanilang lugar-pangisdaan at lugar-tirahan ay udyok at dulot ng pabago-bagong galaw ng hangin at dagat. Sa panahon ng amihan, na kadalasan ay mula Disyembre hanggang Mayo, nananatili lamang sila sa Baras, isa sa mga barangay ng Taytay na inilaan ng pamahalaan para sa mga Tagbanua Calamianen. Hindi sila lumalaot tuwing panahon ng amihan.

Dahil walang masyadong bundok sa gawing silangan na tumatabing sa Taytay Bay ay malakas ang hanging pumapalo sa katubigan na nagdudulot ng malalaking alon sa dagat. Ayon sa testimonyo ng mga katutubo at mga mangingisdang munisipal, kadalasan ay umaabot ang alon ng higit sa sampung katao ang taas. Walang lubay ang daluyong ng mga alon at hangin sa mga ganitong panahon. Anila ay magkakadikit ang matataas at malalaking along ito.

Sa ganitong panahon ng amihan ay nananatili lamang sila sa Baras. Dahil maliliit lamang ang kanilang mga bangka, hindi sila lumalaot upang sagupain ang malalaking alon. Hindi rin sila sumisisid upang mamana ng isda. Wala silang ibang trabaho. Sa panahon ring ito ay nagbabalik sa Baras ang iba pang grupo ng mga Tagbanua Calamianen na lumilibot sa Taytay Bay. Sa Baras sila muling nagkikita-kita matapos ang halos anim na buwan na pagkakawalay sa iba pang grupo ng mga Calamianen.

Habang nasa Baras ay nagpapaupa ang mga Tagbanua Calamianen bilang mga manggagawa sa bukid o kaingin na pag-aari ng iba pang etnolingguwistikong grupong dumayo sa lugar. Naglilinis sila ng bukid, nagtatapas ng damo, tumutulong sa pagtanim at paggapas ng palay. Minsan naman ay nagpapaupa sila bilang kargador sa mga tindahan. Noong isinagawa ang pananaliksik, ayon sa kanilang mga testimonyo, ay binabayaran sila ng bente pesos kada araw sa mga ganitong uri ng gawain.

Sa Baras ay *corot* (*Dioscorea hispida* Dennst. [University of the Philippines Science Education Center, 1996]) ang lagi nilang kinakain, lalo na sa panahong wala silang pera upang bumili ng bigas. Wala silang sariling kaingin (lupang sinasaka o taniman ng iba't ibang puno't gulay sa mga dalisdis ng bundok). Ang corot ay isang uri ng bungang-ugat na tulad ng kamote. Kinakayas ito nang pantay-pantay, inaalas ang nakakalasong dagta. Kapag hindi naalis ang lasong ito, nakakahilo ito at puwedeng magtae't suka ang sinumang kumain nito.

Nagbabago ang ganitong uri ng kanilang pamumuhay tuwing sumasapit ang panahon ng habagat, na kadalasan ay mula Mayo hanggang Nobyembre. Ang habagat ang panahon ng kanilang paglibot sa Taytay Bay at mga kanugnog na katubigan.

Grupo-grupo ang paghahati ng mga Tagbanua Calamianen sa kanilang mga paglaot. Pamilya, ayon sa kanila, ang pangunahing batayan ng paggugrupo.

Tinitiyak ng mga grupo na ang bawat ekspedisyon ay may kani-kaniyang ruta at mga lugar-pangisdaan na hindi makakasagabal sa ruta at lugar-pangisdaan na pinupuntahan ng iba pang grupo ng mga Tagbanua Calamianen.

Narito ang ruta ng sampung kabahayan ng mga Tagbanua Calamianen na aking nakasalamuha at natagpuan noong Agosto 1997 sa Sitio Pagdurianen (Ilustrasyon 5). Mula Mayo hanggang Hunyo ay nasa Dumaran sila. Ang Dumaran ay isang islang munisipyong katabi ng Taytay. Mga kalagitnaan ng Hunyo ay tumutungo sila sa isla ng Indapdapan. Ang Isla Indapdapan ay katapat ng barangay ng Pamantolon ng Taytay. Pagdating ng Agosto ay tumutuloy sila sa alinman sa dalawa: sa Sitio Pagdurianen o sa Isla Batas. At mula Hulyo hanggang Nobyembre ay lumilipat sila sa mga sumusunod na lugar: Pangalan, Dipla, Bacalan, Pangatalan, at Caycayo. Hindi tiyak ang haba ng panahong ginugugol nila sa bawat lugar na nabanggit.

Sa bawat paglibot at paglipat ng lugar ay dala nila ang kanilang mga gamit sa kusina tulad ng kaldero, kawali, plato, baso, itak, at ilang kutsara't tinidor. Dala rin nila sa kanilang mga biyahe ang kanilang mga alagang aso at baboy. Isinasakay nila ang mga ito, pati na rin ang kanilang mga tradisyonal na gamit-pangisda at ilang mga damit, kasama ang kanilang asawa't mga anak, maging ilang magulang, sa maliliit na mga bangkang de-sagwan na kanilang ginagamit sa pangangisda.

Dahil hindi lahat ng pamilya ay may bangka, hindi sabay-sabay ang kanilang paglipat sa mga lugar. Minsan ay kalahati lamang ng grupo ang mauuna. Babalikan ng mga ito ang natira pang kalahati ng grupo upang sunduin at ihatid sa pinaglipatang lugar.

Subalit isang bagong penomenon ang pagsali sa kanila ng isang trader na may malaki-laking bangka na siyang maglululan sa mga pamilya at kanilang mga gamit. Itong trader na ito ang siya na ring tumatayong lider sa pangangisda. Siya ang may kapital, at may nabubuong bagong hatian sa mga naibebentang isda, depende sa puhunang ginugugol ng trader sa mga ekspedisyon sa dagat. Palalalimin ko ang penomenong ito sa ibang bahagi ng pag-aaral.

May nakatayo nang balangkas ng mga bahay sa mga lugar na kanilang pinupuntahan. Sila na rin ang nagtayo ng mga balangkas ng maliliit na bahay na ito. Ang mga pawid na gawa sa dahon ng niyog at mangilan-ngilang yantok o uway ay kanilang binabakbak sa mga balangkas na ito ng kanilang kabahayan. Ito na rin ang mga materyales na kanilang gagamitin sa mga lugar na kanilang lilipatan kung saan ay inaasahan nilang naroroon pa rin ang balangkas ng kanilang mga kubo.

Maraming pagkakataon, anila, na hindi na nila dinaratnan pa ang balangkas ng kanilang mga bahay. Ang mga ito, dugtong nila, ay ibinuwal na ng mga bagyo o malalakas na hangin, o kaya naman ay kinuha na ng iba pang mga mamamayang naninirahan malapit sa kanilang mga tangdol na pinaglilipatan. Nagtatayo silang muli ng mga bagong balangkas ng mga kubo sa mga pagkakataong hindi na nila dinaratnan ang mga iniwan nilang bahay. Minsan ay sawali na lamang ang kanilang itinatayo sa lupa; hugis piramide ito na may taas na hanggang bewang.

Sa iba't ibang bahagi ng Taytay Bay sila nangingisda. Ang ilan sa mga karatig na karagatang kanilang pinangingisdaan ay ang mga sumusunod: Shark's Fin Bay, Mesecoy Bay, Silanga Bay, Imorigue Bay, Maytegued Bay, Malatumban Bay, Calauag Bay, Sibaltan Bay, Muñoz Bay, Darocotoan Bay, Emilia Bay, at Linapacan Strait. Paminsan-minsan ay umaabot rin sila sa Sulu Sea (Ilustrasyon 5).

Araw-araw silang nangingisda, liban na lamang sa ilang mga araw na kinakailangan nilang ibenta sa mga sentrong lugar-pamilihan ang kanilang mga huli, tulad sa Poblacion ng Taytay o kaya naman ay sa mga barangay ng Maytegued, Casian, o Polaraquen, na tinatawag ring Canique (Ilustrasyon 5). Sa kanilang pangisingda, ang mga lalaking Tagbanua Calamianen ay nagsisimulang umalis ng alas seis ng umaga. Gawing alas dos o alas tres na ng hapon ang kanilang balik. Naiiwan ang kababaihan; hindi sila isinasama ng kalalakihan sa kanilang pangisingda. Subalit ang mga batang lalaki ay isinasama sa kanilang mga expedisyon. Pagbalik ng kalalakihan buhat sa pangisingda ay doon pa lamang sila manananghalian.

May mga pagkakataong inaabot ng tatlong araw sa laot ng Taytay Bay at mga karatig na karagatan ang kalalakihang Tagbanua Calamianen. Minsan naman ay sa gabi sila nangingisda, lalo na kung ang pinupuntirya nilang hulihin sa paninisid ay ang mga *balatan* (sea cucumber). Minsan ay nakakahuli sila ng pugita.

Maninisid ang mga Tagbanua Calamianen. Dalawa ang sistema ng pagsisid. Ang una ay walang anumang gamit liban sa pana, yapak (*wooden flippers*) at antipara (*goggles*), at ang tatag ng kanilang mga бага. Ang ikalawa, gamit pa rin ang mga nabanggit na, ay ang paggamit ng karagdagang kompresor na isang di-ligtas na kagamitan sa pagsisid. Ang lalim na kadalasan nilang sinisisid upang makakuha ng mga ganitong uri ng balatan ay umaabot mula lima hanggang 12 *fathoms*, o ang katumbas nitong 30 hanggang 72 talampakan (isang *fathom* = six feet).¹⁰

Sa pagtatapos ng Nobyembre o sa pagsisimula ng Disyembre ay bumabalik na sila sa Baras. Sa Baras ay muli nilang makakatagpo ang iba pang grupo ng

mga Tagbanua Calamianen na lumibot rin sa loob ng anim hanggang pitong buwan sa paligid ng Taytay Bay.

Ano ang kaugnayan ng paglaot at pagbibiyahe ng mga Tagbanua Calamianen sa tablay? Anong nakakubling pilosopiya ang gumagabay sa pagbubuo ng tablay? Anong pananaw sa mundo ang kaakibat sa dimensyong ginagalawan ng tablay? Ito ang aking sasagutin sa susunod na bahagi ng pag-aaral.

Ang Tablay Bilang Literaturang Oral, Anyo ng Pakikipagtalastasan, at Panlipunang Gawain

Ang terminong *tablay* ay ang katutubong katawagan para sa pagtawid sa mga burol at kabundukan. Buhat sa *Historical Data Papers-Palawan* (HDPP, 1953), binanggit ang tablay bilang isang awit na kinakanta ng mga Tagbanua Calamianen ng Busuanga at Coron. Sa Busuanga ay tinaya ng mga mananaliksik na nagsagawa ng dokumento na ang tablay ay inaawit ng mga lalaki at babaeng Tagbanua Calamianen, bata man o matanda, sa kanilang paglalakbay patungo at buhat sa kanilang mga kaingin (bukid) na nasa mga gulod o bundok. Sa kanilang mga paglalakbay, habang nakasakay sa kanilang mga kalabaw, ay umaawit ang mga katutubo ng mga maiikling komposisyon na tinatawag nilang tablay. Inaawit rin ang tablay sa iba't ibang pagtitipon (HDPP).

Sinasabi namang ang tablay sa mga Tagbanua Calamianen ng Coron ay inaawit sa kanilang mga tirahan, sa lahat ng mga islang kanilang tinitirhan, sa bukid, sa paglalakbay, at sa lahat ng okasyon, pagdiriwang, o pagtitipon. Inaawit ito ng mga nagkakaingin sa mga burol at bundok. Inaawit rin ito ng kababaihan habang nagluluto, naglalaba, naghahabi, at nanginginhas sa dalampasigan. Inaawit rin nila ito sa kanilang mga pangingsida. Inaawit rin ito ng mga binata't dalaga sa kanilang mga pagliligawan. Ang tablay, para sa mga Tagbanua Calamianen na taga-Coron, ay nangangahulugan rin ng pagtawid, ng paglipat, ng pagbibiyahe (HDPP 1953).

Sa mga pagtatayang ito, makikita natin ang operasyon ng tablay sa buhay ng mga katutubo. Una, ang tablay ay inaawit ng mga Tagbanua Calamianen, kapwa lalaki at babaeng, at kapwa mga magsasaka at mangingsida. Ikalawa, inaawit ang tablay sa paglalakbay ng mga Calamianen patungo at buhat sa kanilang mga kaingin. Ang mga paglalakbay na ito ay ang pagtawid nila sa mga burol, kabundukan, at laot. At ikatlo, ang ibig sabihin ng tablay ay pagtawid o paglalakbay. Sa katunayan ay ginamit ang terminong ito sa isa sa mga tablay ng mga Tagbanua Calamianen sa Pagdurianen. Tinutukoy ng tablay na ito ang konsepto ng paglalakbay:

Tablay 12 (inawit sa Tagbanua Calamianen at may yuke ni Rene Corba, mga edad 14):

Tablay tablay ora ang
bukid balite
opay na tablayan chi baing
pag amuek
quesen na ta malway tanya
paquig suway
ilampes tong quenay an-
day penua y penuay.

Lakad ako nang lakad sa bun-
dok ng balite
anong nadatnan ko, ang lola
kong nagbabanig
kinausap ko nang mahinay,
siya ay nagalit
inihampas sa buhangin nang
walang lubay.

Sa ganitong mga pagpapaliwanag, ang tablay (pagtawid sa lugar o paglalakbay) ay isang espasyong nasa pagitan ng dalawa pang espasyo: ang espasyo ng bahay (komunidad) at ang espasyo ng trabaho (bukid; kaingin). Ang tablay ay isang espasyong nag-uugnay sa dalawang espasyong ito na iniinugan ng buhay ng mga Tagbanua Calamianen. Sa ganitong pangangatuwiran, ang pagbibiyahe at pagtatrabaho ay pinagtitibay sa tablay bilang biyahe, na siang gawaing panlipunan. Pinagsasanib ng tablay (bilang panitikan at media) at tablay (bilang biyahe) ang mga pook na iniinugan ng mga Tagbanua Calamianen, mga pook ng paggawa at pamamahinga, mga pook ng pinagmulan at patutunguhan, mga pook na pinanggalingan at babalikan.

Sa ganitong pangangatuwiran, ang tablay bilang paglalakbay ay bahagi ng kontinuum at siklo ng kabuuang buhay at kabuhayan ng mga Tagbanua Calamianen. Kung gayon, ang tablay bilang biyahe ay ang pagbubuo ng inog ng buhay ng mga katutubong Calamianen. Pagbubuo ito ng kabuuang banua ng mga Tagbanua.

Ngayon naman ay iiugnay ko ang tablay bilang paglalakbay sa konsepto ng banua ng mga Tagbanua.

Ang Banua ng mga Tagbanua Calamianen ng Taytay

Ipinaliwanag ng mga iskolar ang ugat ng salitang Tagbanua. Ayon kay Llamzon (1978), ang Tagbanua ay binubuo ng mga katagang *banua* o *banwa* na ang ibig sabihin ay mamamayan, lugar o bayan. Samantala, ang unlaping *tag* (*taga*) ay nangangahulugan ng *pagbubuo* o *pagtatayo*, o *nagmumula sa*. Kung kaya't ang ibig sabihin ng *taga banua* ay mga mamamayan ng lugar, mga katutubo (taal) sa lugar. Ipinaliwanag ni Romualdez (1914) na ang *Tagbanwa* ay ipinantutukoy sa mga taal sa lugar upang kilalaning sila ang orihinal na

naninirahan sa lugar. Idinagdag naman ni Jagmis (1997) na ang ibig sabihin ng *banua* ay mga lupain sa ibabaw ng katubigan. Kung kaya't, ani Jagmis, ang ibig sabihin ng Tagbanua ay mga mamamayan ng lupain.

Nitong mga nakaraang taon ay lalong lumawak ang kahulugan ng *banua*. Nangangahulugan na ito ng kabuuang espasyong saklaw ng kanilang buhay at kabuhayan. Kasama na rito ang mga katubigang pumapalibot sa kanilang mga lupain. Kung kaya't ang salitang *tagbanua* ay nangangahulugan hindi na lamang bilang mga tagapagtatag ng lugar kundi mga may-ari ng mga lupain at katubigan; kung hindi man may-ari ng lugar ay may karapatan sa mga lupain at katubigang kanilang iniikutan.

Isa ito sa mga argumentong isinulong ng mga Tagbanua Calamianen ng Coron sa kanilang pakikibaka sa kanilang mga katutubong lunan. Isa ito sa mga argumentong nakapagpanalo sa kanila upang kilalanin ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) ang kanilang lupaing ninuno at dagat ninuno. Iginawad sa kanila ng DENR ang kanilang Certificate of Ancestral Domain Claims (CADC) na may saklaw na 22,000 ektaryang lupain at karagatan ng Isla ng Coron, kabilang ang katabing isla ng Delian (Rimban, 1998).¹¹

Sa kabuuan, ang pagbibiyah, paglaot, at paglilipat-lipat sa iba't ibang tangdol, isla, sitio, aplaya, o barangay ng mga Tagbanua Calamianen ng Taytay ay ang tablay ng kanilang pagbibigay-kahulugan sa kanilang banua. Ang tablay bilang paglalakbay ay hindi na lamang mga ekonomikong gawain. Ang tablay bilang paglalakbay ay isa nang textong kultural na nagmamapa ng banua o lunan ng mga Tagbanua Calamianen ng Taytay. Ang tablay bilang paglalakbay ay ang paglalatag ng mga hangganan ng kanilang buhay at kabuhayan. Kung gayon, ang tablay bilang paglalakbay ng mga Tagbanua Calamianen ng Taytay ay ang kanilang akto (na isang anyo ng texto o naratibo) na nagtitiyak sa kanilang karapatan sa kanilang mga lupaing ninuno at dagat ninuno. Ang tablay bilang paglalakbay ay ang kanilang deklarasyon ng pag-angkin sa kanilang sariling banua, isang kontemporaneong lunan o pook na unti-unti nang inaagaw sa kanila ng iba't ibang makapangyarihang puwersang panlipunan.

Ngayon naman ay mahalagang iugnay ang binubuong banua ng mga katutubo sa mga pangyayaring nagaganap sa Taytay Bay at mga kanugnog na katubigan, na siyang aking tatalakayin sa susunod na bahagi.

Taytay Bay at mga Karatig-katubigan: Banuang Ipinagkaloob at Kinapapalooban, Banuang Nilooban at Nilolooban

Anu-anong mga salik at puwersang panlipunan ang umaagaw sa banua ng mga Tagbanua Calamianen ng Taytay? Anong mga naratibo ng pang-aagaw ang nagbabanta sa pagkawala ng kapangyarihan ng mga Tagbanua Calamianen sa

sarili nilang mga lugar? Ano ang heograpiya ng tunggaliang kinapapalooban ng pag-aagawan sa morpolohiyang panlipunan ng lugar?

Iba't iba ang anyo at iba't iba ang antas ng ugnayang panlipunan ang nararanasan ng mga Tagbanua Calamianen na umaasa sa Taytay Bay at mga karatig na karagatan. Ang mga anyo at antas ng ugnayang ito ay nakapaloob sa iba't iba ring larangan ng kanilang pamumuhay, mula sa produksyon (pangingisda) hanggang sa pagsasapamilihan ng kanilang mga huling produktong dagat. Nakapaloob ang mga ugnayang ito sa isang kaayusang panlunan (spatial order) sa Taytay.

Sitwasyong Pamproduksyon: Bangka at Laot, Katutubo at Dayo

Sa kaso ng grupo ng mga Tagbanua Calamianen na nasa Sitio Pagdurianen noong panahon ng pangangalap ng datos, mayroon tumatayong lider sa kanilang pangingisda. Hindi siya Tagbanua Calamianen; isang Cebuano ang pinuno ng grupo. Ang Cebuanong ito ang may-ari ng isang malaking bangka maaaring maglulan ng sampung katao. Siya ang may-ari ng bangka. Sa kaniya rin ang puhunan sa gasolina at langis ng bangka. Bagamat hati-hati sila sa pagkain, kalakhan ng kapital sa pangingisda ay tinutustusan ng tumatayong lider na ito. Sa madaling salita, siya ang lider sa mga ekspedisyong sa pangingisda. Hindi ko naitanong sa dayong lider na ito kung paano siya napasama o sumama sa grupo ng mga Calamianen.

Bagamat hindi ko nagawang tukuyin ang sistema ng partihaan o hatian ng kita sa pagitan ng may-ari ng bangka at ng mga katutubo, makikita sa kaayusang ito ang nagbabagong kalakaran sa pangingisda ng mga katutubo. Sa isang antas ay maituturing na may namamagatang mutualismo sa uri ng relasyong pamproduksyon ng mga katutubo at ng tumatayong lider ng pangingisda. Nakikinabang ang lider sa kaniyang mga kasamang katutubo sa pangingisda. Nakikinabang rin ang mga katutubo sa suportang kapital at lohistikal na ibinibigay sa kanila ng lider na ito. Sa kabilang banda, mas matimbang ang posibilidad na ang relasyong pamproduksyong ito ay tumatagos sa isang uri ng relasyong mas pabor sa dayong nangangapital. Sa bandang huli, lalabas na talunan ang mg katutubo sa kaayusang ito sa maraming kadahilanan.

Una, ang usapin ng etnisidad (Tagbanua Calamianen at dayong Cebuano) ay naititimon na sa usapin ng kapital. Nabubuo sa produksyong pampangisdaan sa ganitong sitwasyon ang isang hirarkiya ng paggawa. Sa hirarkiyang ito ay nangingibabaw ang nangangapital at napapasailalim ang mga mangingisdang Calamianen na nagsisilbing manggagawang mangingisda.

Ikalawa, sa nabubuong sistema ng pangingisda, ang mga huling produktong dagat ng mga katutubo ay hindi na lamang para sa kanilang pang-araw-araw

na pangangailangan. Ipinapaloob na ang kanilang produksyon sa malawak na produksyong pampangisdaang nakatuon sa produksyon ng *surplus*. Nililikha ang *surplus* na ito hindi upang ibalik ang halaga nito sa kanilang mga katutubong komunidad kundi upang tugunan ang pangangailangan ng isang pamayanang ang oryentasyon ay nakaangkla sa galaw ng pamilihan.

Ikatlo, dahan-dahang naitutulak ang mga katutubo na pumaloob sa isang sitwasyong mas kiling sa isang ekonomiyang *cash-oriented* mula sa kanilang kinagawiang *non-monetized economy*. Ibig sabihin, kung dati ay itinuturing ng mga katutubong Tagbanua Calamianen ang karagatan bilang lugar ng *paglikha ng pagkain*, ang karagatan sa hinuhubog na kaayusang ito ay nagiging isang lugar ng *paglikha ng pera para makakain*.¹²

Ikaapat, ang nililikha ng ganitong sistema ay ang pagbabago sa pananaw ng mga katutubo sa lugar ng kanilang mga likas-yaman, partikular ang karagatan. Pinauusbong ng pumapasok na kaayusang ito ang pananaw sa kalikasan hindi bilang bukal ng kanilang pagkain at sentral na larangan ng kanilang mga ugnayang panlipunan at iba't ibang gawaing kultural, kundi bilang isang pinagtatalunang espasyo tungo sa pagpapausbong ng kapital at tubo.

Hindi ko sinasabing kinakailangang manatili sa mga sinaunang modo ng relasyong pang-ekonomiya ang mga Tagbanua Calamianen ng Taytay. Iginigiit ko lamang na sa kasalukuyang kalagayan ay nasa talunan silang posisyon lalo't kung isasaalang-alang ang kapangyarihan ng mga formasyong panlipunang nagpapagalaw sa ekonomiya at politika ng bayan ng Taytay. Mas lantad ang talunang posisyon ng mga Tagbanua Calamianen sa larangan ng pagsasapamilihan ng kanilang mga huling produktong dagat, na siya namang pagtutuuhan ko ng pansin sa susunod na bahagi.

Sitwasyong Pampamilihan: Bentahan at Lamangan

Sa pangkalahatan ay walang alam ang mga Tagbanua Calamianen sa umiiral na presyo ng mga isda at balatan na binibili sa kanila ng mga mamimiling *trader* o *middleman*. Dahil kadalasan ay nagpapautang rin ang mga mamimiling ito sa mga mangingisda tulad ng mga Calamianen, nagagawa nilang hindi bayaran ang mga katutubo. Agad-agad nilang iniaawas ang presyo ng binili nilang produktong dagat sa utang sa kanila ng mga katutubo. Ang kadalasang utang ng mga katutubo sa mga *trader* na ito ay gaas, bigas, kape, at asukal na pawang mga batayang pangangailangan ng mga Tagbanua Calamianen, ayon kay B. Capangpangan, presidente ng Nagkakaisang Mangingisda para sa Kalikasan at Kaunlaran in Sitio Kalero (Little Tondo), Poblacion, Taytay, Palawan (personal communication, December 14-16, 1998).

May isang tablay tungkol sa pagsasapamilihan ng kanilang mga huli. Sa sumusunod na tablay ay mahihinuha ang talunang posisyon ng mga katutubong mangingisda sa bentahan ng kanilang mga huling isda:

Tablay 13 (inawit sa Tagalog at may yuke ni Jopel Languyod, mga edad 23):

Ang amo naming si Quetolio
isda namin kaniyang kinikilo
bagsakan ng mababang presyo
pero ayos na rin ito.

Ayon sa mga Tagbanua Calamianen, ang Quetolio na binabanggit sa tablay ay isa raw opisyal sa bayan ng Taytay noong panahong isinasagawa ko ang pangangalap ng datos. Ayon sa kanila at sa mga mangingisdang nakausap ko, namimili ito ng mga buháy na isda sa Baras (Pampang), isang barangay ng Taytay. Ang Baras ay ang lugar na pinamamalagian ng mga Tagbanua Calamianen tuwing panahon ng amihan. Ang bilihan at bentahan ng buháy na isda (live fish trade) ay isang komplikado at kontrobersyal na isyu sa Palawan dahil sa salimbayan umano ng mga ipinagbabawal na paraan ng pangingisda (e.g., paggamit ng *sodium cyanide* at di-wastong sukat ng hinuhuling isda) at politika sa lugar (i.e., umano’y mahigpit na kapit ng trader sa mga awtoridad sa pagpupuslit ng mga isdang ito).

Hindi lamang sa ganitong mga kalakaran naagrabiya ang mga katutubo. Ang buong sistema ng pagsasapamilihan sa Taytay ay mas kiling umano sa kakaunting *trader* o *middleman* na kadalasan ay mga opisyal rin ng lokal na pamahalaan o kaya naman ay kanilang mga kamag-anak. Halimbawa, ayon sa mga Tagbanua Calamianen ng Pagdurianen, ang bumibili ng balatan buhat sa mga Tagbanua Calamianen noong panahon ng pananaliksik ay isang kagawad sa bayan ng Taytay. Binibili naman ito ng isa pang *trader* na siya namang magdadala nito sa Puerto Princesa City bago tuluyang dalhin sa Maynila (B. Capangpangan, personal communication, 1998).

May ibá’t ibang paraan ng panlilinlang sa mga Tagbanua na ginagawa ang ilang trader. Isang paraan ay sa pandaraya sa timbangan. O kaya naman ay ikinakategorya sa mas mababang klasipikasyon ang kanilang mga huli. Halimbawa, ang mga balatan (*sea cucumber*) na dapat sana ay nasa kategorya ng *large* ay ibinababa sa *medium size* upang bumaba rin ang presyo ng mga ito. Sa iba namang pagkakataon ay nilalasing ang mga katutubo ng mga bumibili ng kanilang mga balatan. Ayon sa pahayag P. Babera, isang mangingisdang

munisipal at kasapi ng Lapian ng mga Maliliit na Mangingisda sa Baybayin ng Taytay (LAMMBAT) ng Taytay Bay:

Minsan ang taktika ng mga mamimili, lalo na kung maraming dalang balat (*sea cucumber*) ang mga Tagbanuang ‘yan ay bibigyan sila ng isa o dalawang bote ng *Ursus* (isang *brand* ng syoktong). At habang naka-kumpol sila sa pag-inom ng *Ursus* ay paunti-unting kinukuha ng mga mamimili ang balat na ibinebenta ng mga ito. ‘Pag nag-inuman kasi ang mga ‘yan, hindi na nila halos pinapansin ‘yung mga nakapaligid sa kanila. At kapag medyo may tama-tama na ay aabutan sila ng mga trader ng kung magkano na lang. Hindi naman kumikibo ‘yung mga Tagbanaua. Basta na lang babalik sa kanilang mga bangka’t uuwi na kung saan mang isla sila naninirahan sa mga panahong iyon. (personal communication, August 28, 1997)

Makikita naman sa sitwasyong pang-*real estate* na nagbebenta, nagsasanla, at nagpapaupa sa mga isla, sitio, at aplaya ng mga pamayanan sa paligid ng Taytay Bay na dahan-dahang inaagaw sa mga katutubo ang kanilang mga lugar-pangisdaan at mga pansamantalang tirahan. Ang mga sumusunod na anunsyo sa isang isyu ng *Palawan Buy & Sell* (1997, pp. 11-14), isang magazing nakafokus sa bentahan ng lahat ng uri ng mga pag-aari sa Palawan, ay patunay ng ganitong sitwasyon.¹³

- 6 has. Tax Declaration. Taytay[,], Palawan sand beach - Can be titled 5/ sq. m. (p. 11)
- 2.5 has[.], Tax Declaration, located in Northern Palawan, white sand beach - Can be titled 5/sq. m. (p. 11)
- A 2.5[-]ha(s). island in Taytay fully planted to cashew trees. About 5 min. from mainland near a fishing village. Attractive price. (p. 11)
- A titled 10 ha[s]. property which is part of an island in Taytay. Good anchorage; white sand; planted to coconuts. (p. 12)
- 10 has[.] TAYTAY, PALAWAN. Portion of big island near Sandoval Airport, Tax Declaration P10 Million. (p. 13)

Sa ilalim naman ng klasipikasyong *Beaches for Sale*, mababasa ang mga sumusunod:

- 12 has. beach property in Taytay near town proper. Full[-]bearing coconuts, cottage ready for occupancy. (p. 14)

Maraming isla noong panahon ng pananaliksik ang ipinapaupa sa mga pribadong kompanya para sa iba't ibang negosyo. Halimbawa, ang Isla Bodacan ay isa nang resort na pag-aari ng isang foreigner. Ang Isla Apulit naman ay naka-*lease* sa isang sikat na resort sa Taytay Bay, ang *Club Noah Isabelle*. May ilang bahagi ng Maytegued Bay at Malatumban Bay, mga kanugnog na karagatan ng Shark Fin Bay, ang may nakatayo nang *pearl farm* na pinaghihinalaan ng mga residente ng Isla Batas na pag-aari umano ng isang kamag-anak ng isang kilalang politikong taga-Luzon. Ang pinakatampok ring usapin sa Taytay ay ang mga *lease concessions* nito sa mga islang batong pinamumugaran ng mga balinsasayaw na ginagamit sa produksyon ng nido, na inaangkat naman ng Tsina at iba pang bansa sa Southeast Asia. Ang pinakasikat sa mga islang ito, batay sa mga pakikipag-usap ko sa mga mangingisda sa Taytay, ay ang mga isla ng Pabellon (Pabellon Grande at Pabellon Pequeño) sa Taytay Bay, ang Isla Imorigue sa Batas Bay, at ang mga kuwebang matatagpuan sa Nabat, Apulit, Pangalan, Talacanen, at Batacan.

Ang mga texto ng bentahan at pagbili ng lupa't isla at karapatan sa mga nakapaligid na likas-yaman ay mga texto ng posesyon para sa mga may kakayahang pumasok sa larangang ito ng *real estate* o *lease concession agreements*. Subalit ang mga ito ay mga texto rin ng disposesyon para sa mga maliliit na mamamayan, tulad ng mga katutubo at mangingisdang munisipal, dahil ang mga lugar na ibinebenta't itinitingi ay ang mga lunan ng kanilang kabuhayan.

Mababanaag sa sitwasyong ito ang diskurso ng kapangyarihan ng pag-angkin sa lugar. Sa katunayan, ang sitwasyong ito ay isang textong panlipunan kung saan ay nakalatag ang heograpiya ng hirarkiyang nagbibigay-pribilehiyo sa mga kabilang sa may kapangyarihang politikal at ekonomiko, habang tinatangalan at nawawalan naman ng kapangyarihan sa heograpiya ng pribilehiyong ito ang mga nasa ilalim ng ganitong hirarkiyang panlipunan, tulad ng mga Tagbanua Calamianen.

Ang ipinapakita ng mga ganitong kaganapan ay ang kontrol ng gobyerno sa pamamagitan ng pamahalaang lokal sa mga likas-yaman ng lugar. Ang karapatan sa paggamit ng mga ito ay nasa kamay ng pamahalaan. Subalit ipinapasa ng pamahalaan ang paggamit sa likas-yamang ito sa mga pribadong entidad na kayang magbayad sa pagrerenta ng mga rekursong ito. Pinaiiigting lamang ng ganitong kalakaran ang kawalan ng *access* o kakayahan ng mga ordinaryong mamamayan tulad ng mga katutubo sa sarili nilang lugar na nagtataglay ng mga likas-yamang kadluan ng kanilang mga pang-araw-araw na pamumuhay.

Ang mga ganitong isinasagawang pagpopook sa Taytay Bay ay mga naratibo ng pagtataboy ng mga nangingibabaw na mga formasyong panlipunan sa bayan ng Taytay. Nagagawang agawin ng mga ganitong praktis panlunan (*spatial practice*) mula sa mga katutubong Tagbanua ang mga lugar na iniinugan ng kanilang mga buhay. Ang banuang ito ay ang banuang hinuhugutan ng buhay ng mga Tagbanuan Calamianen, lalo ng mga kabataang lalaki na kasa-kasama ng mga matatanda sa kanilang mga pangingisda.

Subalit hindi lahat sa buhay ay kayang hablutin, agawin o angkinin ng estado at kapital. Sa susunod na bahagi ay babalikan ko ang pangunahing argumentong nauna ko nang inilatag sa pag-aaral: ang tablay bilang pagbibiyahe o paglalakbay ay isang textong kultural at pangkomunikasyon na isang anyo ng deklarasyon ng pag-angkin ng mga Tagbanua Calamianen sa kanilang katutubong banua.

Tablay Bilang Paglalakbay ng mga Tagbanua Calamianen: Semiotikong Pagpapanatili't Pagbawi ng Lugar at Deklarasyon ng Kapangyarihan

Batay sa mga inilatag ko sa itaas, mapapansing dahan-dahan nang naglalaho ang banua ng mga Tagbanua Calamianen ng Taytay. Ang banuang ito ang lugar ng kanilang mga pamayanan at pangingisda.

Subalit nananatiling buo ang ilan pang texto ng pag-angkin ng mga katutubo sa kanilang mga sariling lugar. Isa sa kanilang pinanghahawakan ay ang kanilang tablay sa anyo paglalakbay, ang kanilang paglipat-lipat sa iba't ibang sitio, isla, aplaya, at tangdol sa paligid ng Taytay Bay at mga karatig na karagatan. Iginigiit ng pag-aaral na ito na ang tablay bilang paglalakbay ay ang kanilang testamento ng pag-angkin. Ang ganitong anyo ng tablay ang kanilang deklarasyon ng karapatan sa lugar. Ang tablay bilang paglalakbay ang kanilang titulo sa kanilang mga banua. Kasangkot at malaking bahagi ng pakikipagtalastasan at pakikibakang ito ay ang mga kabataang Tagbanua Calamianen.

Maaaring hindi mababanaag sa kanilang mga textong tablay (panitikang oral at anyo ng komunikasyon) ang mga idioma ng pagtutol sa mga kaganapan sa Taytay. Ang tablay bilang biyahe ang siyang idioma ng kanilang pagtanggì sa mga pagtataboy na isinasagawa sa kanila ng iba't ibang puwersang panlipunan.

Kung may mga pormal na titulo, ordinansa, batas at iba pang testamentong pinanghahawakan ang mga makapangyarihang puwersang panlipunan, ang mga katutubong tulad ng Tagbanua Calamianen ay may pinanghahawakan ring mga pormal na titulo ng pag-angkin sa mga lugar na tradisyonal nilang tinitirhan at pinangingisdaan upang buhayin ang siklo ng kanilang mga buhay. Ang isa sa

kanilang nalalabing deklarasyon ng kapangyarihan ay mahihiwatigan sa tablay bilang paglalakbay. At ang mga deklarasyong ito ang siyang pinanghahawakan ng mga kabataang Tagbanua Calamianen na kasa-kasama ng kanilang mga ninuno sa kanilang pag-awit ng tablay o pagmamapa ng banua sa pamamagitan ng tablay bilang pagbibiyahe sa dagat.

Sa bandang huli, ang tablay ng mga Tagbanua Calamianen ng Taytay, lalo ng mga kabataan, ay ang kanilang pagbubuo ng kanilang sariling banua. Ipinaglalaban nila ang kasalukuyan at kinabukasan ng kanilang banua sa sarili nilang mga wika at idioma ng pag-angkin.

Kinikilala ng kasalukuyang pag-aaral na kailangan pa ng karagdagang datos antropolohikal upang ganap na buuin ang konseptualisasyon ng tablay at banua ng mga Tagbanua Calamianen ng Taytay, Palawan. Kinikilala rin na kailangang suriin ang mga kasalukuyang kaganapan sa lugar, lalo sa usapin ng mga proyektong pangkaunlarang ipinatupad sa Hilagang Palawan nitong nakaraang dalawang dekada at tingnan kung paanong umagapay ang tablay sa mga pagbabagong ito—ibig sabihin, ang tablay bilang panitikang oral at anyo ng komunikasyon at bilang paglalakbay sa dagat. Sa ngayon ay sapat nang iparating ng kasalukuyang pag-aaral ang asersyon na ang mga inaakalang 'lumang' paraan ng komunikasyon at textong kultural tulad ng mga inaawit na tablay o isinasabuhay na tablay (ibig sabihin, pagbibiyahe sa banua) ay mga kontemporaneong anyo ng pagbibigay-katuwiran sa mga kasalukuyang danas ng mga katutubo. Ang tablay (bilang texto at akto ng paglalakbay upang buuin ang banua) ay singkontemporaneo ng mga nagsusulputang anyo ng media tulad ng internet at mobile phones, or ng mga karanasan sa *mall*ing at iba pang teknolohiya ng urbanisasyon. Ang tablay (bilang texto at akto ng paglalakbay upang buuin ang banua), tulad ng anumang paggigiit ng karapatan sa pag-aari ng likas-yaman, ay singkontemporaneo ng mga sinumpaang salaysay sa korte. Ang tablay (bilang texto at akto ng paglalakbay upang buuin ang banua) ng mga Tagbanua Calamianen ay lagusan ng kanilang mga kamalayan, daluyan ng kanilang mga pagdadalumat sa buhay, at deklarasyon ng anumang nalalabi pang kapangyarihan ng kanilang pagiging katutubo sa sarili nilang banua.

Mga Tala

- 1 Ang pag-aaral na ito ay binagong bersyon ng isang seksyon ng isang chapter ng aking M.A. thesis sa Panitikang Filipino na pinamagatang *anin, laud, beltay, pandaw, dagoy: Lunan, Kaakuhan at Kapangyarihan sa Texto ng mga Komunidad Kostal sa Hilagang Palawan* (Unibersidad ng Pilipinas-Diliman, 2000). Ang field work ng pag-aaral ay pinondohan ng Oxfam-America sa pamamagitan

ng Tambuyog Development Center. Ang pagsusulat ng manuskrito ay binigyan ng suportang pinansyal ng Patricia Melendrez Cruz Thesis Grant, Francisco Tatad Thesis Grant, at U.P. Local Faculty Fellowship; ang mga grant na ito ay iginawad sa pamamagitan ng U.P. Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas. Ang unang bersyon ng pag-aaral na ito ay binasa sa komperensyang “Pagdadalumat sa Panitikang-Bayan, Pagdadalumat ng Bayan sa Panitikan: A national conference on traditional literature” na inisponsor ng U.P. Departmentong Filipino at Panitikan ng Pilipinas, 29 Nobyembre-01 Disyembre 2000 sa U.P. Diliman. Ang ikalawang bersyon ay binasa sa “Coastal Zone Canada International Conference” sa St. John, New Brunswick Canada noong Setyembre 2000, at binasa rin noong parehong buwan at taon sa “Workshop on Community-based Management of Coastal Resources: The Philippine and Atlantic Canadian Experience,” St. Francis Xavier University, Antigonish, Nova Scotia, Canada. Ang ikatlong bersyon ay binasa sa “Philippine Workshop on Marine and Coastal Resources and Community-based Property Rights,” Anilao, Mabini, Batangas noong 12-15 Hunyo 2001, na inisponsor ng Tanggol Kalikasan, Tambuyog Development Center, CBCRM Resource Center, Philippine Center for Marine Affairs at ng the Center for International Environmental Law. Ang ikaapat na bersyon ng sanaysay ay binasa sa 30th Annual Conference (“On Edge: Anthropology in Troubling Times”), Canadian Anthropology Society and the Society for the Anthropology of North America (CASCA), Dalhousie University, Halifax, Nova Scotia, Canada, 08-11 Mayo 2003. Ang pagsisinop ng pag-aaral ay ipinagpatuloy habang isinagawa ang aking PhD sa McGill University, na may research grant buhat sa International Development Research Centre (Canada) at John D. and Catherine T. MacArthur Foundation sa pamamagitan ng Project Seahorse.

- 2 Ang tangdol o tandol ay ang mga dulo o nakausing bahaging isla. Tinatawag din itong punta (*point o port*).
- 3 Minarapat kong hindi maglagay ng larawan ng mga bata at kabataang ito, kahit na pinahintulutan nila akong kuhanan sila ng picture. Makikita ang kanilang mga larawan sa Aklatang Guieb, Baliuag, Bulacan, sa Palawan Photo File F5.
- 4 Ang ganitong sistemang heograpikal na pagpapangalan sa mga Tagbanua ay nakuha ko sa maraming pakikipag-usap sa mga mangingisda ng mga islang Taytay at karatig-bayan ng Linapacan, kapwa sa Hilagang Palawan. Nararapat lamang banggitin na may pagtatalo sa pag-uuri hindi lamang ng mga Tagbanua kundi maging ng iba pang grupong etniko sa Palawan. Pinagtatalunan kung maituturing nga ng hiwalay na grupong etniko ang ilan. Sinasabi ring ang ilang klasipikasyon ay baryasyon lamang ng isang grupo (Eder at Fernandez 1996; Fox 1982; Maranan 1994; Misión de la Compañía de Jesús 1900; Worcester 1913). Hindi intensyon ng pag-aaral na pasukin ang debateng ito.
- 5 Marami pa akong tablay na nairekord noong 1997 buhat sa mga Tagbanua Calamianen sa iba pang islang Taytay at maging sa bayan ng Linapacan. Subalit hindi ko isasama ang mga ito sa kasalukuyang pag-aaral. Nakatuon lamang ang kasalukuyang pag-aaral sa mga tablay ng mga kabataang Tagbanua Calamianen ng Pagdurianen. Paminsan-minsan ay magbabanggit ako ng ilang halimbawang tablay buhat sa ibang lugar upang isulong ang mga kaugnay na usaping inihaharap ng pag-aaral.

- 6 yuke = ukulele
- 7 Lahat ng tablay na babanggitin sa pag-aaral na ito ay nirekord noong 01 Agosto 1997. Walang pamagat ang mga tablay. Nilagyan ko na lamang ng numero ang pagbanggit sa mga tablay. Nakatala sa mga saknong ang mang-aawit, ang kaniyang tantsang edad, at kung saang wika ito inawit. Lahat ng salin patungong Tagalog ay isinagawa noong Oktubre 1997 ni Lelita Agustin, edad 55, isang Tagbanua Calamianen na taga-Isla Calibangbangan, Linapacan, Hilagang Palawan. Inedit ko naman ang mga saling ito.
- 8 makipaglaver–makipagkasintahan; ang laver ay mula sa salitang English na ‘lover’.
- 9 Ang etnograpiya ng mga Tagbanua Calamianen na tinatalakay sa bahaging itong pag-aaral ay buhat sa mga panayam noong 1997 sa mga sumusunod: 1) Gil Languyod (edad 45), Tagbanua Calamianen, Sitio Pagdurianen, Poblacion, Taytay, Palawan; 2) Genaro Garcia (edad 48), Cebuano, Sitio Pagdurianen, Poblacion, Taytay, Palawan; at 3) Jose Liboon Jr. (nasa 40s), mangingisdang munisipal, Poblacion, Taytay, Palawan. Ang ilan namang impormasyon ay ibinatay sa aking obserbasyon sa komunidad ng mga Tagbanua Calamianen sa Sitio Pagdurianen.
- 10 May mga pahayag ang mga nakapanayam kong Tagbanua Calamianen na minsan ay umaabot raw sila mula 18 hanggang 20 *fathoms*, ibig sabihin ay mula 108 hanggang 120 talampakan. Hindi ko tiyak kung totoo ang pahayag na ito.
- 11 Bukod kay Rimban (1998), tingnan rin ang mga sumusunod tungkol sa karanasan ng mga Tagbanua Calamianen ng Coron, Hilagang Palawan hinggil sa kanilang CADC: Dalabajan (1998, 1999), Hilario at Salazar (2000), at Mercado *et al.* (1999).
- 12 Ganito rin ang pangangatuwirang isinulong ni Cadeliña (1996) sa kaniyang pag-aaral tungkol sa paggamit ng mga Batak sa kanilang mga yamang-kagubatan.
- 13 Ang mga markang [] at () ay ako na ang nagdagdag sa texto b ilang mga panandang pagtutuwid. Ang [] ay para sa mga *insertions* na inilalagay ko; ang () ay para sa mga *deletions*. Minabuti kong isulat *verbatim* ang mga textong advertisement na sinisipi. Tinanggal ko sa mga sipi ang contact number na nakalathala sa magazine.

Mga Pinagsanggunian

- Addun, R. (1995a). *A study of marketing systems in Taytay, Northern Palawan*. Quezon City: Tambuyog Development Center.
- Addun, R. (1995b). *A study of the development initiatives in Taytay, Northern Palawan*. Quezon City: Tambuyog Development Center.
- Batungbakal, E. P. T., dela Cruz, Q. L., & Ladra, W. F. (1995). *A study on the status of marine resources and the patterns of utilization in Taytay Bay, Northern Palawan*. Quezon City: Tambuyog Development Center.
- Cadeliña, R. V. (1996). Food sharing among Batak households. In J. F. Eder & J. O. Fernandez, (Eds.), *Palawan at the crossroads: Development and the environment on a Philippine frontier* (pp. 62-70). Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

- Camacho, S.R. (1996). Operations and experiences of the Palawan Marine Products Shippers Association, Inc. In M. D. Pido, R. S. Pomeroy, B. M. Katon, M. B. Carlos, & A. C. Sandalo (Eds.), *The management systems of marine fisheries and other coastal resources in Palawan, Philippines: Concepts, experiences and lessons* (pp. 129-132). Puerto Princesa: International Center for Living Aquatic Resources Management and the Palawan Council for Sustainable Development.
- Curran, S. (1997). *Resource management plan: Taytay Bay, Taytay, Palawan*. Puerto Princesa: Palawan Sustainable Coastal Area Development Program, Tambuyog Development Center.
- Dalabajan, D. (1998, August). *A new day dawning: CBCRM experience in a Tagbanua tribal community*. Paper presented at Second Workshop of the Southeast Asia CBCRM Case-Writing Project, Caliraya, Laguna.
- Dalabajan, D. (1999, October 6). In Defense of Ancestral Homelands. *Bandillo ng Palawan Magazine*, pp. 4-6.
- Davies, J., Magsalay, P. M., Rigor, R., Mapalo, A. & Gonzales, H. (1990). *A directory of Philippine wetlands: A preliminary compilation of information on wetlands of the Philippines* (Vols. 1-2). Cebu City: Asian Wetland Bureau Philippines Foundation, Inc.
- Dela Cruz, Q., Batungbakal, E. P.T., & Ladra, W. F. (1995). *A study on the status of marine resources and the patterns of utilization in Malampaya Sound, Northern Palawan*. Quezon City: Tambuyog Development Center.
- Dumagat, F. L. (1996, October). Palawan's indigenous peoples and their ancestral domain. In *Indigenous peoples of the Philippines: Knowledge, power and struggles* (pp. 122-136). Proceedings from the UGAT 18th National Conference, La Trinidad, Benguet.
- Eder, J. F., & Fernandez, J. O. (Eds.) (1996). *Palawan at the crossroads: Development and the environment on a Philippine frontier*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Fox, R. B. (1982). *Religion and society among the Tagbanuwa of Palawan Island, Philippines*. Manila: National Museum.
- Guieb, E. III R. (2000). *Anin, laud, beltay, pandaw, dagoy: Lunan, kaakuhan at kapangyarihan sa texto ng mga komunidad kostal sa hilagang Palawan*. (M.A. thesis, University of the Philippines, Diliman, 2000).
- Guieb, R. R., & Jara bejo, E. H. (1998, August). *People and resources: Community resource management planning in Taytay, Northern Palawan, Philippines*. Nasa Second Workshop of the Southeast Asia Case-Writing Project, Caliraya Laguna. *Historical Data Papers-Palawan* (HDPP) (1953). Manila: National Library.
- Hilario, M. P., & Salazar, R. C. (2000, February). Indigenous peoples' participation in the Environmental Impact Statement System: The Tagbanua of Northern Palawan. *Research Brief*, 3, 1-6
- Jacinto, E. Jr. R. (1995a). *Historical narratives of Taytay, Northern Palawan*. Quezon City: Tambuyog Development Center.
- Jacinto, E. Jr. R. (1995b). *A preliminary study on community legal and institutional arrangements in Taytay, Northern Palawan*. Quezon City: Tambuyog Development Center.
- Jagmris, P.Sr.D. (1997). *Pala'isgen, ang epiko ng Tagbanua: Pananaliksik at pagsasalin sa Filipino ng kasaysayan ni Pala'isgen*. (Disertasyong Ph.D., Holy Trinity College, Puerto Princesa City, Palawan, 1997).

- Japan International Cooperation Agency & the Department of Tourism, Philippines (JICA-DOT) (1996). *The study on environmentally sustainable tourism development plan for Northern Palawan in the Republic of the Philippines*. Draft Final Report, Summary.
- Llamzon, T. A. (1978). *A Handbook of Philippine Language Groups*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.
- Maceda, J. (1975). A preliminary list of vocal music in the Philippines as recorded in a collection of tapes at the Department of Asian Music, University of the Philippines. In F. R. Demetrio, S.J. (Ed.), *Dialogue for Development* (pp. 458-497). Cagayan de Oro: Xavier University.
- Maranan, E. (1994). S.v., Tagbanua. *Nasa CCP Encyclopedia of Philippine Arts* (Vol. 2, *Peoples of the Philippines: Kalinga to Yakan* (pp. 356-369). Manila: Cultural Center of the Philippines.
- Mercado, N. V., Salazar, R. C., & Sabban, M. V. M. (1999, November). Enhancing women's participation in resource management planning: Lessons from the Tagbanua in Coron Island, Palawan, *Research Brief*, 1, 1-6.
- Misión de la Compañía de Jesús en estas Filipinas (1900). *El archipiélago Filipino*. Washington: Imprenta del Gobierno.
- Municipal Development Council-Municipal Planning and Development (MDC-MPD). (n.d.). *Comprehensive Development Plan (1995-2000)*, Taytay, Palawan.
- Muzones, D. E. M. (1995). *A technical report on the land resources evaluation surrounding Malampaya Sound and Taytay Bay in Taytay, Northern Palawan*. Quezon City: Tambuyog Development Center.
- National Statistics Office (1995). *1995 Census of Population: Socio-Economic and Demographic Characteristics* (2-72 D). Manila: NSO.
- Ocampo, N. S. (1985). *Katutubo, Muslim, Kristyano: Palawan, 1621-1901*. Kolonya: Salazar at Mendoza-Urban.
- Palawan Buy & Sell* (1997, May 1-15). pp. 11-14.
- Peralta, J. T. (1991). Briefs on the ethnic groups: Indigenous and migrants to Palawan. In *Bountiful Palawan* (pp. 125-128). Manila: Aurora Publications, Inc.
- Rimban, L. (1999, July-September). Paradise regained. *i, the investigative reporting magazine*, pp. 18-23.
- Rivera, R. A. (1995). *Network analysis of problems and issues: Malampaya Sound and Taytay Bay, Palawan*. Quezon City: Tambuyog Development Center.
- Rivera, R. A. (1997). Fishers in distress: Network analysis of Palawan fishers' problems and issues. *Lundayan Journal, Special Issue*, 7-19.
- Rivera, R. A., Mission, J. A., & Jacinto E. Jr. R. (1997). Legal and institutional arrangements in Taytay, Palawan. Nasa E. R. Jacinto Jr. (Ed.), *Community Legal and Institutional Studies* (pp. 95-125). Quezon City: Tambuyog Development Center.
- Romualdez, N. (1914). *Tagbanwa alphabet with some reforms proposed/Alfabeto Tagbanwa con algunas reformas propuestas*. Manila: Imprenta Cultura Filipina.
- University of the Philippines Science Education Center (1996). *Plants of the Philippines*. Manila: Pundasyon sa Pagpapaunlad ng Kaalaman sa Pagtuturo ng Agham, Ink.
- Umengan, D. L. (1995). *Patterns of gender roles in Malampaya Sound and Taytay Bay, Northern Palawan*. Quezon City: Tambuyog Development Center.

- Worcester, D. C. (1913, November 11). The non-Christian peoples of the Philippine Islands with an account of what has been done for them under American Rule. *The National Geographic Magazine*, 24, 1157-1256.
- Zingerli, C. (1999). *Conflicts of resource utilisation in Palawan, Philippines: The relationship between people and environment in a regional development context* (M.A. thesis, University of Basel, Switzerland, 1999).

EULALIO R. GUEIB III is an associate professor at the University of the Philippines (UP) Department of Broadcast Communication, College of Mass Communication in UP Diliman (corresponding author: eulalio.gueibiii@mail.mcgill.ca). He obtained in 2009 his Ph.D. in anthropology from McGill University, and M.A. in Philippine literature and B.A. in Broadcast Communication from U.P. Diliman.

